ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# INTERNET SLANG AT WIKANG FILIPINO: KASANAYAN SA PAKIKIPAGTALASTASAN SA KONTEKSTONG DIGITAL

**Leslie Flores Jorgio**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino at ang kasanayan sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa tradisyonal at digital na konteksto. Partikular nitong inalam ang mga sumusunod na katanungan: antas ng paggamit ng internet slang batay sa pagkakaangkop, layunin, pagbibigay ng kahulugan, at pagkaunawa sa kahulugan; antas ng paggamit ng Wikang Filipino batay sa kaangkupan, gramatika, pagbaybay, at pagpapahayag ng damdamin o opinyon; antas ng kasanayan sa pakikipagtalastasan batay sa kalinawan ng mensahe, hikayat sa gamit ng salita, paraan ng pagpapahayag, at kakayahang magpalitan ng ideya; antas ng pakikipagtalastasan sa kontekstong digital batay sa interaktibidad, pamilyaridad sa digital na format, access sa internet at device, at etika sa paggamit ng teknolohiya. Dagdag dito ay may makabuluhang ugnayan ang internet slang at Wikang Filipino sa kasanayan sa pakikipagtalastasan; at makabuluhang ugnayan ng internet slang at Wikang Filipino sa pakikipagtalastasan sa kontekstong digital.*

*Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong korelasyon na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa mga isang daan (100) na piling mag-aaral sa pamamagitan ng talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang Pearson Product–Moment Correlation ang ginamit sa pagsusuri ng makabuluhang ugnayan.*

*Lumabas sa resulta na ang mga mag-aaral ay may katamtaman hanggang mataas na antas ng paggamit ng internet slang, mataas na antas ng kasanayan sa Wikang Filipino, mataas na antas ng kasanayan sa pakikipagtalastasan, at mataas na antas ng pakikipagtalastasan sa kontekstong digital. Natuklasan din na may makabuluhang ugnayan ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino sa parehong kasanayan sa komunikasyon at digital na pakikipagtalastasan.*

*Bilang konklusyon, ipinakita na ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa tradisyonal at digital na konteksto. Ipinapakita rin na ang wastong paggamit ng wika ay nakatutulong sa malinaw, epektibo, at responsableng komunikasyon.*

*Inirerekomenda ang patuloy na paggabay sa mga mag-aaral sa wastong paggamit ng wika, pagpapalakas ng papel ng guro at magulang, at pagpapaunlad ng mga programang pangwika sa paaralan upang matugunan ang hamon ng digital na komunikasyon.*

**SUSING SALITA:** *internet slang, Wikang Filipino, pakikipagtalastasan, digital na komunikasyon, kasanayan*

## 1. PANIMULA

Sa makabagong panahon kung kailan ang komunikasyon ay higit na isinasagawa sa pamamagitan ng teknolohiya, kapansin-pansin ang patuloy na pagbabago sa paraan ng paggamit ng wika, lalo na sa mga digital na plataporma tulad ng social media, instant messaging, at online forums. Isa sa mga pangunahing manipestasyon ng pagbabagong ito ay ang pag-usbong at malawakang paggamit ng internet slang, kabilang ang mga pinaikling salita, akronim, emoticons, code-switching, at iba pang anyo ng impormal na wika na naging bahagi na ng araw-araw na pakikipagtalastasan ng mga kabataan. Kasabay nito, nababago rin ang estruktura, estilo, at layunin ng paggamit ng wikang Filipino sa digital na espasyo.

Ang internet slang ay nagsisilbing makabagong anyo ng ekspresyon na maaaring magpabilis ng komunikasyon at magpalapit ng ugnayan sa pagitan ng mga gumagamit ng wika. Sa ilang pagkakataon, nagiging tulay ito ng mas personal at malikhaing pagpapahayag ng damdamin at opinyon. Gayunpaman, may mga pagkakataon ding nagdudulot ito ng pagkalabo ng mensahe, paglayo sa pormal na gamit ng wika, at kakulangan sa estruktura ng makabuluhang diskurso (Panitikan.com.ph, 2019).

Ang kakayahang komunikatibo ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na wasto at angkop na magamit ang wika sa iba't ibang konteksto, kabilang ang gramatika at estruktura nito. Mahalaga ito dahil nagiging pundasyon ito ng malinaw at makabuluhang komunikasyon sa pagsasalita at pagsusulat.

Layunin ng pag-aaral na ito ang kasanayan sa pakikipagtalastasan gamit ang internet slang at paggamit ng pormal na wikang Filipino sa digital na konteksto. Nilalayon nitong suriin ang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa, kalinawan ng mensahe, at estruktura ng komunikasyon, upang mas maunawaan ang implikasyon ng internet slang sa kasanayang lingguwistiko ng kabataan sa makabagong panahon.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang Internet Slang at Wikang Filipino: Kasanayan sa Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital. Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng paggamit ng internet slang batay sa:
   1.1 Pagkakaangkop ng Paggamit ng slang;
   1.2 Layunin ng Paggamit ng Internet Slang?
   1.3 Pagbibigay ng Kahulugan; at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

1.4 Pagkaunawa sa Kahulugan ng Internet Slang?

2. Ano ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino batay sa:
   2.1 Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino;
   2.2 Pagpapanatili ng Wastong Gramatika;
   2.3 Pagkaunawa sa Pagbaybay; at
   2.4 Pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino?
3. Ano ang antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan batay sa:
   3.1 Kalinawan ng mensahe;
   3.2. Hikayat sa gamit ng salita;
   3.3 Paraan ng pagpapahayag; at
   3.4 Kakayahang magpalitan ng ideya?
4. Ano ang antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital batay sa;
   4.1 interaktibidad sa online communication;
   4.2 Pamilyaridad sa mga digital na format;
   4.3 Access sa internet at digital device; at
   4.4 Etika sa paggamit ng teknolohiya?
5. May makabuluhang ugnayan ba ang antas ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Kasanayan ng mga mag-aaral?
6. May makabuluhang ugnayan ba ang antas ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ng mga mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong korelasyon na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa mga isang daan (100) na piling mag-aaral sa pamamagitan ng talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang Pearson Product–Moment Correlation ang ginamit sa pagsusuri ng makabuluhang ugnayan.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Kasanayan at Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ng mga mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

**Antas ng Paggamit Internet Slang**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng internet slang ay sumasaklaw sa iba't ibang dimensyon tulad ng pagkakaangkop ng paggamit ng slang sa iba't ibang sitwasyon, layunin ng paggamit nito sa pakikipagkomunikasyon, pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang ginagamit, at antas ng pag-unawa sa kahulugan ng internet slang.

Sa pamamagitan ng mga salik na ito, mas malinaw na mauunawaan kung paano ginagamit ng mga mag-aaral ang internet slang at kung paano nito naaapektuhan ang kanilang kasanayan sa komunikasyon.

Makikita sa mga susunod na talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, mga puna, at berbal na interpretasyon na naglalarawan sa pananaw ng mga respondente hinggil sa nasabing paksa para sa ikagaganda ng pag-aaral.

**Talahanayan 1.**
*Antas ng Paggamit Internet Slang ayon sa Pagkakaangkop ng Paggamit ng Slang*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nagagamit ng mga mag-aaral ang Internet slang sa mga sitwasyong informal upang mas mabilis na maipahayag ang kanilang saloobin.* | 4.55 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang slang depende sa kausap upang maiwasan ang maling interpretasyon.* | 4.21 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napipiling gumamit ng slang kapag naaayon sa daloy ng usapan, lalo na sa social media.* | 4.26 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaayon ng kabataan ang uri ng slang sa konteksto ng grupo o komunidad na kanilang kinabibilangan.* | 4.25 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy kung ang slang ay angkop bago ito gamitin upang mapanatili ang malinaw na komunikasyon.* | 4.39 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.33 | | |
| *SD* | 0.63 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng paggamit internet slang *Nagagamit ng mga mag-aaral ang Internet slang sa mga sitwasyong informal upang mas mabilis na maipahayag ang kanilang saloobin* na may (*M* = 4.55) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit internet slang sa mga tuntunin ng Paggamit ng Internet Slang at sinusuportahan ng (*SD* = 0.59). Gayundin, *natutukoy kung ang slang ay angkop bago ito gamitin upang mapanatili ang malinaw na komunikasyon* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.21) na may (*SD* = 0.61), ipinapapakita pa rin nito na *naiaangkop ang slang depende sa kausap upang maiwasan ang maling interpretasyon***.**

Ang antas ng paggamit internet slang ayon sa Paggamit ng Internet Slang ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.33 at *standard deviation* na 0.63 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na kakayahan at kamalayan sa angkop na paggamit ng internet slang, lalo na sa mga impormal na sitwasyon, habang isinasaalang-alang ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

konteksto at kausap upang mapanatili ang epektibo at malinaw na komunikasyon.

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng paggamit internet slang. *Napadadali ng mga mag-aaral ang komunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mas maiikling anyo ng salita* na may (*M* = 4.52) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit internet slang sa mga tuntunin ng Layunin ng Paggamit ng Internet Slang at sinusuportahan ng (*SD* = 0.56).

**Talahanayan 2.**
*Antas ng Paggamit Internet Slang ayon sa Layunin ng Paggamit ng Internet Slang*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Napadadali ng mga mag-aaral ang komunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mas maiikling anyo ng salita.* | 4.52 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang emosyon o tono sa mas malikhain at modernong paraan sa tulong ng Internet slang.* | 4.25 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang pagkakakilanlan at pag-aangkop sa kulturang online sa paggamit ng slang.* | 4.02 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| *Naitatago minsan ang tunay na kahulugan ng mensahe sa pamamagitan ng coded slang.* | 4.28 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalawak ang pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan gamit ang mga nakasanayang slang na madaling maunawaan ng grupo.* | 4.13 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.24 | | |
| *SD* | 0.67 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *naitatago minsan ang tunay na kahulugan ng mensahe sa pamamagitan ng coded slang* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.02) na may (*SD* = 0.74), ipinapapakita pa rin nito na *naipakikita ang pagkakakilanlan at pag-aangkop sa kulturang online sa paggamit ng slang*.

Ang antas ng paggamit internet slang ayon sa Layunin ng Paggamit ng Internet Slang ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.24 at *standard deviation* na 0.67 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay epektibong nagagamit ang internet slang hindi lamang para mapadali ang komunikasyon kundi upang maipahayag din ang kanilang pagkakakilanlan at pagiging bahagi ng kulturang online, habang pinapanatili ang malinaw at angkop na konteksto ng mensahe.

Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng paggamit internet slang. *Naibibigay ang kahulugan ang Internet slang sa mga mag-aaral ayon sa kanilang pagkakagamit dito sa pang-araw-araw na komunikasyon* na may (*M* = 4.35) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit internet slang sa mga tuntunin ng Pagbibigay ng Kahulugan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.63). Gayundin, *naiuugnay ang slang sa mga partikular na konteksto upang mas maunawaan ang kahulugan nito* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.11) na may (*SD* = 0.78), ipinapapakita pa rin nito na *nailalarawan ang slang gamit ang sariling karanasan at obserbasyon sa digital na pakikipag-usap*.

**Talahanayan 3.**
*Antas ng Paggamit Internet Slang ayon sa Pagbibigay ng Kahulugan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naibibigay ang kahulugan ang Internet slang sa mga mag-aaral ayon sa kanilang pagkakagamit dito sa pang-araw-araw na komunikasyon.* | 4.35 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang slang sa mga partikular na konteksto upang mas maunawaan ang kahulugan nito.* | 4.29 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang slang batay sa trending na gamit sa social media.* | 4.28 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatakda ang kahulugan ng slang mula sa pakikisalamuha sa online communities.* | 4.21 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang slang gamit ang sariling karanasan at obserbasyon sa digital na pakikipag-usap.* | 4.11 | 0.78 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.25 | | |
| *SD* | 0.67 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng paggamit internet slang ayon sa Pagbibigay ng Kahulugan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.25 at *standard deviation* na 0.67 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nagagamit ng mga mag-aaral ang internet slang sa impormal na komunikasyon. Naiaangkop nila ito depende sa kausap at konteksto, nauunawaan ang kahulugan, at naipapakita ang kanilang pagkakakilanlan sa kulturang digital.

**Talahanayan 4.**
*Antas ng Paggamit Internet Slang ayon sa Pagkaunawa sa Kahulugan ng Internet Slang*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang Internet slang dahil sa kanilang madalas na exposure sa online platforms.* | 4.59 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang tamang gamit ng slang batay sa konteksto ng usapan.* | 4.29 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang pagkakaiba-iba ng kahulugan ng slang depende sa grupo o komunidad na gumagamit nito.* | 4.16 | 0.79 | Sumasang-ayon |
| *Napapansin ang pagbabago sa kahulugan ng slang habang nagbabago ang online trends.* | 4.25 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang maling paggamit ng slang kapag hindi tumutugma sa intensyon ng mensahe.* | 4.21 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.30 | | |
| *SD* | 0.66 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng paggamit internet slang.
*Nauunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang Internet slang dahil sa kanilang madalas na exposure sa online platforms* na may (*M* = 4.59) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit internet slang sa mga tuntunin ng Pagkaunawa sa Kahulugan ng Internet Slang at sinusuportahan ng (*SD* = 0.51). Gayundin, *nakikilala ang tamang gamit ng slang batay sa konteksto ng usapan* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.16) na may (*SD* = 0.79), ipinapapakita pa rin nito na *naiintindihan ang pagkakaiba-iba ng kahulugan ng slang depende sa grupo o komunidad na gumagamit nito***.**

Ang antas ng paggamit internet slang ayon sa Pagkaunawa sa Kahulugan ng Internet Slang ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.30 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral ang internet slang. Naiaangkop nila ito sa tamang konteksto at naiintindihan ang pagkakaiba-iba ng kahulugan depende sa grupo o komunidad.

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino ay tumutukoy sa Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino, Pagpapanatili ng Wastong Gramatika**,** Pagkaunawa sa Pagbaybay**,** at Pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino**

Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino. *Naiaangkop ng mga mag-aaral ang Wikang Filipino sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon upang mapanatili ang malinaw na mensahe* na may (*M* = 4.52) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa mga tuntunin ng Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino at sinusuportahan ng (*SD* = 0.59).

**Talahanayan 5.**
*Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiaangkop ng mga mag-aaral ang Wikang Filipino sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon upang mapanatili ang malinaw na mensahe.* | 4.52 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang Filipino bilang pangunahing daluyan ng kaisipan sa pormal at di-pormal na sitwasyon.* | 4.12 | 0.58 | Sumasang-ayon |
| *Napipili ang Filipino kapag mas akma itong gamitin upang maiwasan ang kalituhan sa usapan.* | 4.18 | 0.66 | Sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang paggamit ng Filipino sa sitwasyong nangangailangan ng mas malinaw at natural na pagpapahayag.* | 4.13 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| *Nasasalamin ang kaangkupan ng Filipino sa komunikasyon sa pamamagitan ng masiglang pakikipag-usap sa kapwa.* | 4.28 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.25 | | |
| *SD* | 0.63 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *nasasalamin ang kaangkupan ng Filipino sa komunikasyon sa pamamagitan ng masiglang pakikipag-usap sa kapwa* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.12) na may (*SD* = 0.58), ipinapakita pa rin nito na *nagagamit ang Filipino bilang pangunahing daluyan ng kaisipan sa pormal at di-pormal na sitwasyon***.**

Ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.25 at *standard deviation* na 0.63 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nagagamit ng mga mag-aaral ang Wikang Filipino sa iba't ibang konteksto. Naiaangkop nila ito upang maging malinaw ang mensahe at epektibong naipapahayag ang kanilang kaisipan sa pormal at di-pormal na sitwasyon.

Sa pamumuno ni National Artist Virgilio Almario, inilunsad ang KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino isang online na repositoryo ng mga pinahintulutang salitang Filipino, kabilang ang hiram at bagong anyo. Ipinapakita nito ang kakayahan ng Filipino na yumabong at yakapin ang mga pinagbatayang Internet slang tulad ng "websayt", "kompyuter", at iba pa bilang patunay na ang Filipino ay patuloy na nabubuo at umaangkop nang malikhain sa makabagong komunikasyon.

**Talahanayan 6.**

*Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagpapanatili ng Wastong Gramatika*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Napapanatili ng mga mag-aaral ang wastong balarila sa kanilang pagsulat at pagsasalita sa Filipino.* | 4.31 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayos ang estruktura ng pangungusap upang maging tama at malinaw ang kanilang ideya.* | 4.43 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusunod ang tamang gamit ng pantukoy, pandiwa, pang-uri, at iba pang bahagi ng pananalita.* | 4.09 | 0.67 | Sumasang-ayon |
| *Naiwawasto ang pagbuo ng pangungusap upang lubos na maintindihan.* | 4.24 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasasanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng tamang gramatika sa akademikong gawain.* | 4.13 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.24<br>0.66<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino. *Naaayos ang estruktura ng pangungusap upang maging tama at malinaw ang kanilang ideya* na may ($M$ = 4.43) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa mga tuntunin ng Pagpapanatili ng Wastong Gramatika at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.64). Gayundin, *napapanatili ng mga mag-aaral ang wastong balarila sa kanilang pagsulat at pagsasalita sa Filipino* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang ($M$ = 4.09) na may ($SD$ = 0.67), ipinapapakita pa rin nito na *nasusunod ang tamang gamit ng pantukoy, pandiwa, pang-uri, at iba pang bahagi ng pananalita***.**

Ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagpapanatili ng Wastong Gramatika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.24 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nasusunod ng mga mag-aaral ang wastong gramatika sa paggamit ng Wikang Filipino. Naiaayos nila ang estruktura ng pangungusap at napapanatili ang tamang gamit ng mga bahagi ng pananalita sa kanilang pagsulat at pagsasalita.

**Talahanayan 7.**

*Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagkaunawa sa Pagbaybay*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ng mga mag-aaral ang wastong pagbaybay ng mga salita sa Filipino batay sa opisyal na tuntunin.* | 4.50 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napag-iiba-iba ang tamang baybay mula sa maling anyo upang mapanatili ang kawastuhan ng salita.* | 4.35 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababatay ang pagbaybay sa tunog at gabay ng Ortograpiyang Filipino.* | 4.23 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napag-aaralan ang pagbabago sa baybay ng mga hiram na salita upang magamit ito nang tama.* | 4.16 | 0.72 | Sumasang-ayon |
| *Naitatama ang pagkakamali sa pagbaybay sa tulong ng mga diksyunaryo at iba pang sanggunian.* | 4.08 | 0.85 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.26<br>0.67<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino. *Nauunawaan ng mga mag-aaral ang wastong pagbaybay ng mga salita sa Filipino batay sa opisyal na tuntunin* na may ($M$ = 4.50) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa mga tuntunin ng Pagkaunawa sa Pagbaybay at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.58).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Gayundin, *napag-iiba-iba ang tamang baybay mula sa maling anyo upang mapanatili ang kawastuhan ng salita* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.08) na may (*SD* = 0.85), ipinapapakita pa rin nito na *naitatama ang pagkakamali sa pagbaybay sa tulong ng mga diksyunaryo at iba pang sanggunian*.

Ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagkaunawa sa Pagbaybay ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.26 at *standard deviation* na 0.67 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral ang wastong pagbaybay ng mga salita sa Filipino. Naiaangkop nila ang tamang baybay sa kanilang komunikasyon at naitatama ang mga pagkakamali gamit ang mga sanggunian tulad ng diksyunaryo.

Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino.*Naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang damdamin sa malinaw at natural na paraan gamit ang Wikang Filipino* na may (*M* = 4.42) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa mga tuntunin ng Pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino at sinusuportahan ng (*SD* = 0.59).

**Talahanayan 8.**

*Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagpapahayag ng Damdamin o Opinyon Gamit ang Filipino*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang damdamin sa malinaw at natural na paraan gamit ang Wikang Filipino.* | 4.42 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabahagi ang opinyon sa paraang may malinaw na lohika at wastong pagkakasunod-sunod ng ideya.* | 4.31 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang saloobin sa pamamagitan ng makahulugan at malikhain na wikang Filipino.* | 4.26 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipagtatanggol ang kanilang paninindigan gamit ang mga salitang may tamang bigkas at gamit.* | 4.25 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabubuo ang pahayag nang may paggalang at malinaw na pagpapaliwanag sa wikang Filipino.* | 4.27 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.31<br>0.63<br>Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *naibabahagi ang opinyon sa paraang may malinaw na lohika at wastong pagkakasunod-sunod ng ideya* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.25) na may (*SD* = 0.68), ipinapakita pa rin nito na *naipagtatanggol ang kanilang paninindigan gamit ang mga salitang may tamang bigkas at gamit*.

Ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino ayon sa Pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.31 at *standard deviation* na 0.63 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang damdamin at opinyon gamit ang Wikang Filipino. Naibabahagi nila ang mga ideya nang malinaw at lohikal, na may wastong bigkas at gamit ng salita.

Dahil dito, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ang cyber slang ay bahagi ng lehitimong diskurso sa digital na panahon na dapat unawain, hindi ikatakot. Ang ganitong pag-unawa ay nagtataguyod ng balanseng pananaw kung saan kinikilala ang pagbabago ng wika habang pinananatili ang kahalagahan ng wastong pagsulat sa akademikong larangan.

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ay tumutukoy sa Kalinawan ng mensahe, Hikayat sa gamit ng salita**,** Paraan ng pagpapahayag**,** at Kakayahang magpalitan ng ideya. Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan**

Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan.*Naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mensahe nang malinaw upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan* na may (*M* = 4.59) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan sa mga tuntunin ng Kalinawan ng mensahe at sinusuportahan ng (*SD* = 0.51).

**Talahanayan 9.**

*Antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Kalinawan ng Mensahe*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mensahe nang malinaw upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan.* | 4.59 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasaayos ang nilalaman ng pahayag upang maging lohikal at madaling sundan.* | 4.29 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinaw ang mga mahahalagang punto kapag nakikita nilang hindi ito agad nauunawaan ng kausap.* | 4.31 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napipili ang mga salitang simple at tiyak upang mas maging malinaw ang komunikasyon.* | 4.27 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Naitatama ang anumang kalabuan sa kanilang mensahe kapag may kahingian o tanong mula sa kausap.* | 4.18 | 0.80 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.33 | | |
| *SD* | 0.64 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *nalilinaw ang mga mahahalagang punto kapag nakikita nilang hindi ito agad nauunawaan ng kausap* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.18) na may (*SD* = 0.80), ipinapapakita pa rin nito na *naitatama ang anumang kalabuan sa kanilang mensahe kapag may kahingian o tanong mula sa kausap***.**

Ang antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Kalinawan ng mensahe ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.33 at *standard deviation* na 0.64 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mensahe nang malinaw. Naiaayos nila ang mensahe upang maiwasan ang kalabuan at naitatama ang anumang hindi pagkakaintindihan sa pakikipagtalastasan.

Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

*Nagagamit ng mga mag-aaral ang mga salitang may impluwensiya upang makapanghikayat sa kausap* na may (*M* = 4.59) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan sa mga tuntunin ng Hikayat sa gamit ng salita at sinusuportahan ng (*SD* = 0.55).

**Talahanayan 10.**

*Antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Hikayat sa Gamit ng Salita*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nagagamit ng mga mag-aaral ang mga salitang may impluwensiya upang makapanghikayat sa kausap.* | 4.59 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napipili ang mga salitang may positibong tono upang makaapekto sa damdamin ng nakikinig.* | 4.36 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang kahusayan sa pagpili ng mga salitang nagdudulot ng interes at pagkumbinsi.* | 4.00 | 0.80 | Sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang salita sa kontekstong makabuluhan upang mas maging epektibo ang panghihikayat.* | 4.18 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| *Naibabagay ang mga salita batay sa antas ng pag-unawa ng kausap upang mas maging kapani-paniwala.* | 4.26 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.67 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *napipili ang mga salitang may positibong tono upang makaapekto sa damdamin ng nakikinig* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.00) na may (*SD* = 0.80), ipinapapakita pa rin nito na *naipapakita ang kahusayan sa pagpili ng mga salitang nagdudulot ng interes at pagkumbinsi***.**

Ang antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Hikayat sa gamit ng salita ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.28 at *standard deviation* na 0.67 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nagagamit ng mga mag-aaral ang mga salitang may impluwensiya upang makahikayat sa kausap. Naipipili nila ang mga salita nang may positibong tono upang maipahayag ang ideya at makaapekto sa damdamin ng nakikinig.

**Talahanayan 11.**

*Antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Paraan ng Pagpapahayag*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiaayon ng mga mag-aaral ang kanilang paraan ng pagpapahayag sa sitwasyon at kausap.* | 4.50 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang kakayahang magsalita nang may wastong tono, diin, at bilis upang maging epektibo.* | 4.38 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang kanilang pahayag sa paraang malinaw at madaling sundan.* | 4.16 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| *Naiiba ang estilo ng pagpapahayag depende sa layunin, gaya ng pagkuwento, pangangatwiran, o pagpapaliwanag.* | 4.22 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasaayos ang kanilang galaw, kumpas, at ekspresyon upang suportahan ang kanilang sinasabi.* | 4.12 | 0.83 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.68 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan.*Naiaayon ng mga mag-aaral ang kanilang paraan ng pagpapahayag sa sitwasyon at kausap* na may (*M* = 4.50) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan sa mga tuntunin ng Paraan ng pagpapahayag at sinusuportahan ng (*SD* = 0.61). Gayundin, *naipapakita ang kakayahang magsalita nang may wastong tono, diin, at bilis upang maging epektibo* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.12) na may (*SD* = 0.83), ipinapapakita pa rin nito na *naisasaayos ang kanilang galaw, kumpas, at ekspresyon upang suportahan ang kanilang sinasabi*.

Ang antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Paraan ng pagpapahayag ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.28 at *standard deviation* na 0.68 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na naiaangkop ng mga mag-aaral ang kanilang paraan ng pagpapahayag sa sitwasyon at kausap. Naipapakita nila ang wastong tono, diin, bilis, at ekspresyon upang maging epektibo ang kanilang pakikipagtalastasan.

**Talahanayan 12.**

*Antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Kakayahang Magpalitan ng ideya*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikipagpalitan ang mga mag-aaral ng ideya nang aktibo sa pamamagitan ng pakikinig at pagtugon nang naaayon.* | 4.65 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ng sariling opinyon habang kinikilala ang perspektiba ng kausap.* | 4.27 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagtatanong ng mga paglilinaw upang mapalalim ang usapan.* | 4.19 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Nagpapatuloy sila sa talakayan sa paraang magalang at nakatuon sa paksa.* | 4.28 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapalawak ng ideya sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa at karagdagang impormasyon.* | 4.13 | 0.84 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.30<br>0.68<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan. *Nakikipagpalitan ang mga mag-aaral ng ideya nang aktibo sa pamamagitan ng pakikinig at pagtugon nang naaayon* na may (*M* = 4.65) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan sa mga tuntunin ng Kakayahang magpalitan ng ideya at sinusuportahan ng (*SD* = 0.56). Gayundin, *nagpapatuloy sila sa talakayan sa paraang magalang at nakatuon sa paksa* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.13) na may (*SD* = 0.84), ipinapapakita pa rin nito na *nagpapalawak ng ideya sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa at karagdagang impormasyon*.

Ang antas ng Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ayon sa Kakayahang magpalitan ng ideya ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.30 at *standard deviation* na 0.68 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nakikipagpalitan ng ideya ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong pakikinig at naaayong pagtugon. Naipapahayag nila ang mga ideya nang magalang at nakatuon sa paksa, at naipapalawak ang talakayan gamit ang halimbawa at karagdagang impormasyon.

**Antas ng Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ay tumutukoy sa interaktibidad sa online communication Pamilyaridad sa mga digital na format**,** Access sa internet at digital device**,** at Etika sa paggamit ng teknolohiya.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Talahanayan 13.**

*Antas ng Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ayon sa Interaktibidad sa Online Communication*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikipag-ugnayan ang mga mag-aaral nang aktibo sa online platforms sa pamamagitan ng komento, mensahe, at real-time na usapan.* | 4.56 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasasagot sa mga online na tanong o mensahe sa tamang oras upang mapanatili ang daloy ng komunikasyon.* | 4.38 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilahok sa mga digital na talakayan gamit ang angkop na wika at tono.* | 4.26 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ng iba't ibang features tulad ng reactions, emojis, at chat tools upang maging mas interaktibo ang pakikipagkomunikasyon.* | 4.44 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay sila ng feedback sa mga online na usapan upang mas maging makabuluhan ang palitan ng impormasyon.* | 4.17 | 0.78 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.36<br>0.65<br>Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 13 ay nagpapakita ng antas ng interaktibidad sa online communication. *Nakikipag-ugnayan ang mga mag-aaral nang aktibo sa online platforms sa pamamagitan ng komento, mensahe, at real-time na usapan* na may (*M* = 4.56) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digita sa mga tuntunin ng interaktibidad sa online communication at sinusuportahan ng (*SD* = 0.59). Gayundin, *nasasagot sa mga online na tanong o mensahe sa tamang oras upang mapanatili ang daloy ng komunikasyon* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.17) na may (*SD* = 0.78), ipinapapakita pa rin nito na *nagbibigay sila ng feedback sa mga online na usapan upang mas maging makabuluhan ang palitan ng impormasyon*.

Ang antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digitaayon sa interaktibidad sa online communication ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.36 at *standard deviation* na 0.65 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nakikipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa online platforms. Aktibo silang nagbibigay ng komento, mensahe, at feedback upang mapanatili ang daloy at kalidad ng komunikasyon sa digital na konteksto.

Talahanayan 14 ay nagpapakita ng antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital. *Nagkakaroon ng pamilyar sa iba't ibang anyo ng digital communication gaya ng chat, vlog, meme, at comment threads* na may (*M* = 4.58) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digita sa mga tuntunin ng Pamilyaridad sa mga digital na format at sinusuportahan ng (*SD* = 0.54).

**Talahanayan 14.**

*Antas ng Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ayon sa Pamilyaridad sa mga Digital na Format*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nagkakaroon ng pamilyar sa iba't ibang anyo ng digital communication gaya ng chat, vlog, meme, at comment threads.* | 4.58 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natututong gumamit ng emojis, GIFs, at reaction buttons upang maipahayag ang sarili.* | 4.33 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagawa na sumagot sa mga Google Forms, Zoom chat, o online discussion boards.* | 4.14 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ng mga pinaikling salita, hashtag, at multimedia content online.* | 4.14 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Nagagamit ng social media apps at digital platforms para sa personal o pang-akademikong layunin.* | 4.09 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.25<br>0.70<br>Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *natututong gumamit ng emojis, GIFs, at reaction buttons upang maipahayag ang sarili* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.09) na may (*SD* = 0.82), ipinapakita pa rin nito na *nagagamit ng social media apps at digital platforms para sa personal o pang-akademikong layunin*.

Ang antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digitaayon sa Pamilyaridad sa mga digital na format ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.25 at *standard deviation* na 0.70 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na lubos na pamilyar ang mga mag-aaral sa iba't ibang digital na format. Nagagamit nila ang mga tools tulad ng emojis, GIFs, at reaction buttons upang maipahayag ang sarili sa personal at pang-akademikong komunikasyon.

Talahanayan 15 ay nagpapakita ng antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digita. *Nakagagamit ng sariling device (cellphone, tablet, o laptop) na ginagamit sa online communication* na may (*M* = 4.68) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digita sa mga tuntunin ng Access sa internet at digital device at sinusuportahan ng (*SD* = 0.51).

**Talahanayan 15.**

*Antas ng Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ayon sa Access sa Internet at Digital Device*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakagagamit ng sariling device (cellphone, tablet, o laptop) na ginagamit sa online communication.* | 4.68 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang access sa internet sa bahay o sa paaralan.* | 4.31 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakaroon ng mga social media o communication apps anumang oras na kailangan.* | 4.21 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapadali sa pakikipagtalastasan sa online ang pagkakaroon ng sapat na koneksyon at kagamitan.* | 4.14 | 0.78 | Sumasang-ayon |
| *Nakakapag-update o nakakapagpadala ng mensahe kahit saan at kahit kailan.* | 4.28 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.32<br>0.71<br>Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Gayundin, *naibibigay ang access sa internet sa bahay o sa paaralan* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.14) na may (*SD* = 0.78), ipinapapakita pa rin nito na *nakapagpapadali sa pakikipagtalastasan sa online ang pagkakaroon ng sapat na koneksyon at kagamitan*.

Ang antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digitaayon sa Access sa internet at digital device ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.32 at *standard deviation* na 0.71 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na nagagamit ng mga mag-aaral ang kanilang sariling digital device at may sapat na access sa internet. Napapadali nito ang pakikipagtalastasan sa online at epektibong naipapahayag ang kanilang mensahe sa digital na konteksto.

Anumang pamamaraan sa pagtuturo na nagtataglay ng ganitong katangian ay nagdudulot ng ninanais pagbabago sa mga mag-aaral. Kaya't kung anong platform ang gamitin ng bata ay may malaking dulot iyon sa kanyang pag-uugali, saloobin at emosyonal. Dagdag pa rito, ipinahihiwatig na ang integrasyon ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay maaaring magsilbing makapangyarihang kasangkapan upang higit na mapalalim ang pagkatuto at pakikilahok ng mga mag-aaral.

Halimbawa, ang paggamit ng mga digital platform tulad ng online discussion, interactive applications, at social media ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad para sa kolaboratibong pagkatuto at malayang pagpapahayag. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan at kawili-wili ang proseso ng pagkatuto.

Talahanayan 16 ay nagpapakita ng antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digita.*Naisasang-alang ang tamang paggamit ng wika bago mag-post o magkomento online* na may (*M* = 4.59) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digita sa mga tuntunin ng Etika sa paggamit ng teknolohiya at sinusuportahan ng (*SD* = 0.53).

**Talahanayan 16.**

*Antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ayon sa Etika sa Paggamit ng Teknolohiya*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naisasang-alang ang tamang paggamit ng wika bago mag-post o magkomento online.* | 4.59 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naigagalang ang pagkakaiba-iba ng wika sa mga digital na plataporma kahit may halong slang.* | 4.35 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiiwasan gumamit ng mga salitang maaaring makasakit sa damdamin ng iba kahit ito ay bahagi ng Internet slang.* | 4.20 | 0.80 | Sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang kaibahan ng impormal at pormal na paggamit ng wika sa teknolohiya."* | 4.10 | 0.81 | Sumasang-ayon |
| *Napipiling gumamit ng angkop na wika (Filipino o slang) depende sa kausap, sitwasyon, at layunin ng komunikasyon.* | 4.24 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.30 | | |
| *SD* | 0.69 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *naigagalang ang pagkakaiba-iba ng wika sa mga digital na plataporma kahit may halong slang* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.10) na may (*SD* = 0.81), ipinapapakita pa rin nito na *naiintindihan ang kaibahan ng impormal at pormal na paggamit ng wika sa teknolohiya."*.

Ang antas ng pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digitaayon sa Etika sa paggamit ng teknolohiya ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.30 at *standard deviation* na 0.69. at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na lubos na isinasaalang-alang ng mga mag-aaral ang tamang paggamit ng wika at etika bago mag-post o magkomento online. Naipapakita nila ang paggalang sa pagkakaiba-iba ng wika at nauunawaan ang kaibahan ng pormal at impormal na komunikasyon sa digital na plataporma.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Kasanayan ng mga mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa Kalinawan ng mensahe, Hikayat sa gamit ng salita, Paraan ng pagpapahayag, at Kakayahang magpalitan ng ideya, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment*

*Correlation Coefficient*.

Talahanayan 17 ay nagpapakita ng pagsusuri sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng internet slang at Wikang Filipino at kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan, partikular sa kalinawan ng mensahe, hikayat sa gamit ng salita, paraan ng pagpapahayag, at kakayahang magpalitan ng ideya. Gamit ang Pearson Product–Moment Correlation sa 99 na tagatugon, sinuri kung may makabuluhang ugnayan ang mga nabanggit na baryabol.

Ipinapakita ng mga resulta na ang pagkakaangkop ng paggamit ng slang ay may makabuluhang kaugnayan sa lahat ng aspekto ng kasanayan, lalo na sa kalinawan ng mensahe at hikayat sa gamit ng salita. Ang layunin ng paggamit ng internet slang ay nagpakita rin ng makabuluhang ugnayan sa lahat ng dimensyon ng kasanayan, bagaman mas mababa ang lakas ng korelasyon. Samantala, ang pagbibigay ng kahulugan ay may makabuluhang kaugnayan sa kalinawan ng mensahe, hikayat sa gamit ng salita, at paraan ng pagpapahayag, ngunit hindi gaanong makabuluhan sa kakayahang magpalitan ng ideya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 17**
*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Kasanayan sa Pakikipagtalastasan ng mga Mag-aaral*

| *Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino* | | Kalinawan ng mensahe | Hikayat sa gamit ng salita | Paraan ng pagpapahayag | Kakayahang magpalitan ng ideya |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkakaangkop ng Paggamit ng slang | Pearson Correlation | .285* | .296** | .205** | .190* |
| | Sig. (2-tailed) | .045 | .010 | .011 | .027 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Layunin ng Paggamit ng Internet Slang | Pearson Correlation | .154* | .092** | .176** | .181** |
| | Sig. (2-tailed) | .026 | .023 | .023 | .009 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagbibigay ng Kahulugan | Pearson Correlation | .227* | .178* | .259* | .004** |
| | Sig. (2-tailed) | .037 | .027 | .028 | .016 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagkaunawa sa Kahulugan ng Internet Slang | Pearson Correlation | .313** | .193* | .339* | .249* |
| | Sig. (2-tailed) | .024 | .032 | .029 | .046 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino | Pearson Correlation | .149* | .102* | .291* | .052** |
| | Sig. (2-tailed) | .039 | .030 | .029 | .015 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagpapanatili ng Wastong Gramatika | Pearson Correlation | .168** | .238** | .199** | .195 |
| | Sig. (2-tailed) | .019 | .020 | .022 | .088 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagkaunawa sa Pagbaybay | Pearson Correlation | .292 | .159* | .405* | .312** |
| | Sig. (2-tailed) | .063 | .039 | .039 | .019 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino | Pearson Correlation | .145* | ..066* | .261** | .265* |
| | Sig. (2-tailed) | .034 | .027 | .024 | .045 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |

Bukod dito, ang pagkaunawa sa kahulugan ng internet slang ay nagpakita ng makabuluhang kaugnayan sa lahat ng aspekto ng kasanayan, partikular sa paraan ng pagpapahayag. Ang pagkilala sa kaangkupan sa Wikang Filipino at pagpapanatili ng wastong gramatika ay may makabuluhang kaugnayan sa piling aspekto ng kasanayan, habang ang pagkaunawa sa pagbaybay ay may makabuluhang kaugnayan lalo na sa paraan ng pagpapahayag at kakayahang magpalitan ng ideya. Gayundin, ang pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino ay may makabuluhang kaugnayan sa lahat ng aspekto ng kasanayan.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino ay may kaugnayan sa ilang mahahalagang dimensyon ng kasanayan sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na kapag ang mga mag-aaral ay may wastong pag-unawa at paggamit ng internet slang, napauunlad nila ang kanilang kakayahan sa malinaw na pagpapahayag, paggamit ng angkop na salita, at epektibong pakikipagpalitan ng ideya sa kontekstong digital.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng mga resulta na ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino ay may makabuluhang kaugnayan sa kasanayan sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa ilang piling aspekto. Ipinahihiwatig nito na ang wastong paggamit ng wika, maging ito man ay pormal o impormal, ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa komunikasyon at sa kabuuang karanasan sa pagkatuto sa makabagong panahon.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ng mga mag-aaral ayon sa interaktibidad sa online communication, Pamilyaridad

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

sa mga digital na format**,** Access sa internet at digital device**,** at Etika sa paggamit ng teknolohiya, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Talahanayan 18 ay nagpapakita ng pagsusuri sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng internet slang at Wikang Filipino at pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa kontekstong digital, partikular sa interaktibidad sa online communication, pamilyaridad sa mga digital na format, access sa internet at digital device, at etika sa paggamit ng teknolohiya. Gamit ang Pearson Product–Moment Correlation sa 99 na tagatugon, sinuri kung may makabuluhang ugnayan ang mga nabanggit na baryabol.

Ipinapakita ng mga resulta na ang pagkakaangkop ng paggamit ng slang ay may makabuluhang kaugnayan sa lahat ng aspekto ng pakikipagtalastasan, partikular sa interaktibidad sa online communication, pamilyaridad sa digital na format, at access sa internet, bagaman mas mababa ang ugnayan sa etika sa paggamit ng teknolohiya.

**Talahanayan 18**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa Pakikipagtalastasan sa Kontekstong Digital ng mga mag-aaral*

| ***Paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino*** | | **Interaktibidad sa online communication** | **Pamilyaridad sa mga digital na format** | **Access sa internet at digital device** | **Etika sa paggamit ng teknolohiya** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkakaangkop ng Paggamit ng slang | Pearson Correlation | .222** | .200* | .226* | .079** |
| | Sig. (2-tailed) | .023 | .050 | .043 | .023 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Layunin ng Paggamit ng Internet Slang | Pearson Correlation | .190** | .135* | .231* | .213** |
| | Sig. (2-tailed) | .005 | .041 | .049 | .012 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagbibigay ng Kahulugan | Pearson Correlation | .322** | .228* | .207 | .011** |
| | Sig. (2-tailed) | .005 | .046 | .074 | .019 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagkaunawa sa Kahulugan ng Internet Slang | Pearson Correlation | .115 | .319** | .297* | .150* |
| | Sig. (2-tailed) | .096 | .015 | .030 | .046 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagkilala sa Kaangkupan sa Wikang Filipino | Pearson Correlation | .095** | .145* | .157 | .145** |
| | Sig. (2-tailed) | .010 | .050 | .080 | .018 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagpapanatili ng Wastong Gramatika | Pearson Correlation | .149** | .284* | .174* | .260** |
| | Sig. (2-tailed) | .004 | .039 | .048 | .011 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagkaunawa sa Pagbaybay | Pearson Correlation | .295** | .226* | .334** | .303** |
| | Sig. (2-tailed) | .013 | .040 | .010 | .024 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino | Pearson Correlation | .211** | .359** | .457* | .386* |
| | Sig. (2-tailed) | .013 | .010 | .037 | .037 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 |

Ang layunin ng paggamit ng internet slang ay nagpakita rin ng makabuluhang kaugnayan sa lahat ng dimensyon, na nagpapahiwatig na ang malinaw na layunin sa paggamit ng slang ay nakatutulong sa mas epektibong digital na komunikasyon.

Samantala, ang pagbibigay ng kahulugan ay may makabuluhang kaugnayan sa interaktibidad at pamilyaridad sa digital na format, ngunit walang makabuluhang ugnayan sa access sa internet at digital device. Gayunpaman, ito ay may makabuluhang kaugnayan sa etika sa paggamit ng teknolohiya. Ang pagkaunawa sa kahulugan ng internet slang naman ay may makabuluhang kaugnayan sa pamilyaridad sa digital na format, access sa internet, at etika sa paggamit ng teknolohiya, ngunit walang makabuluhang ugnayan sa interaktibidad sa online communication. Bukod dito, ang pagkilala sa kaangkupan sa Wikang Filipino ay may makabuluhang kaugnayan sa interaktibidad, pamilyaridad, at etika, ngunit walang makabuluhang ugnayan sa access sa internet. Ang pagpapanatili ng wastong gramatika ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa lahat ng aspekto ng pakikipagtalastasan, na nagpapahiwatig na mahalaga pa rin ang pormal na kaalaman sa wika sa digital na komunikasyon.

Kapansin-pansin din na ang pagkaunawa sa pagbaybay ay may makabuluhang kaugnayan sa lahat ng dimensyon, lalo na sa access sa internet at digital device at etika sa paggamit ng teknolohiya. Samantala, ang pagpapahayag ng damdamin o opinyon gamit ang Filipino ay nagpakita ng pinakamataas na ugnayan sa lahat ng aspekto, partikular sa access sa internet at digital device, na nagpapahiwatig na ang kakayahang magpahayag ng saloobin ay may malaking ambag sa epektibong pakikipagtalastasan sa digital na konteksto.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino ay may kaugnayan sa iba’t ibang dimensyon ng pakikipagtalastasan sa kontekstong digital. Ipinapakita nito na ang wastong paggamit at pag-unawa sa wika ay nakatutulong sa pagpapahusay ng interaksyon, teknikal na kakayahan, at responsableng paggamit ng teknolohiya ng mga mag-aaral.

Sa pangkalatahan, ipinakikita ng mga resulta na ang paggamit ng internet slang at Wikang Filipino ay may makabuluhang kaugnayan sa pakikipagtalastasan sa kontekstong digital sa piling mga aspekto. Ipinahihiwatig nito na ang integrasyon ng impormal at pormal na wika ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa epektibo at responsableng digital na komunikasyon.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

1. May makabuluhang ugnayan ang paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan kaya’t ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng Internet Slang at Wikang Filipino ay mas malinaw sa kanilang pagpapahayag, mas epektibo sa pagpapalitan ng ideya, at mas maayos sa paraan ng pagbibigay ng mensahe. Ang paggamit ng dalawang anyo ng wika ay nakatutulong sa paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon, na nagreresulta sa mas aktibo at makabuluhang partisipasyon sa talakayan.

2. Ipinakita rin na may makabuluhang ugnayan ang paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino sa pakikipagtalastasan sa kontekstong digital ng mga mag-aaral kaya’t ang haypoteses ay hindi tinatanggap Ang madalas at wastong paggamit ng mga ito ay nagpapataas ng interaktibidad sa online communication, pamilyaridad sa digital na format, kakayahang makagamit ng internet at digital devices, at pagsunod sa etika sa paggamit ng teknolohiya. Ito ay nagpapatunay na ang paggamit ng Internet Slang at Wikang Filipino ay hindi lamang nakakatulong sa tradisyunal na komunikasyon kundi pati sa epektibong paglahok sa digital na kapaligiran.

### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Inirerekomenda na gamitin ng mga mag-aaral ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito upang higit na maunawaan ang epekto ng internet slang sa kanilang kasanayan sa pakikipagtalastasan. Makatutulong ito upang maging mas mulat sila sa positibo at negatibong impluwensya ng media at digital na komunikasyon sa kanilang paggamit ng Wikang Filipino, lalo na sa pagsasalita at pagsusulat. Hinihikayat din silang mapanatili ang wastong paggamit ng wika sa kabila ng impluwensya ng makabagong paraan ng komunikasyon.

2. Iminumungkahi na gamitin ng mga magulang ang pag-aaral na ito bilang gabay sa mas aktibong paggabay at pagsubaybay sa kanilang mga anak sa wastong paggamit ng wika sa mga digital na plataporma. Inirerekomenda na gamitin ng mga guro ang resulta ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng mga angkop na estratehiya at dulog sa pagtuturo ng komunikasyon at Wikang Filipino sa digital na panahon. Maaari itong makatulong sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng wika at sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa epektibong komunikasyon sa iba’t ibang konteksto.

3. Iminumungkahi na gamitin ng mga paaralan ang pag-aaral na ito upang makabuo ng mga programang pangwika na tutugon sa mga hamon ng teknolohiya sa kasanayang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral. Maaari rin itong magsilbing batayan sa pagpapaunlad ng kalidad ng pagtuturo ng Wikang Filipino sa gitna ng patuloy na pag-usbong ng digital na kapaligiran.

4. Inirerekomenda na gamitin ng mga susunod na mananaliksik ang pag-aaral na ito bilang mahalagang sanggunian sa mga kaugnay na paksa tungkol sa wika, teknolohiya, at komunikasyon. Maaari rin itong magsilbing batayan sa pagbuo ng mga bagong baryabol at mas malalim na pagsusuri hinggil sa internet slang at paggamit ng Wikang Filipino sa makabagong konteksto.

## SANGGUNIAN

*Panitikan.com.ph (2019). Konteksto at Diskurso https://tuklas.up.edu.ph/Record/IPP-00000284991?sid=127211728*